


Filipino

Ika-apat na Markahan – Modyul 4: Pagsulat ng Balangkas Mula sa Nakalap na Impormasyon at Kaalaman



Filipino – Baitang 4

Alternative Delivery Mode

Kwarter 4–Modyul 4: Pagsulat ng Balangkas mula sa Nakalap na Impormasyon at Kaalaman

Unang Edisyon, 2020

“Isinasaad ng **Batas Republika 8293, sekyon 176** na “Hindi maaaring magkaron ng karapatang-ari (sipi) sa anumang akda ang Pamahalaan ng Pilipinas. Gayunman, kailangan muna ang pahintulot ng ahensiya o tanggapan ng pamahalaan na naghanda ng akda kung ito’y pagkakakitaan. Kabilang sa mga maaaringgawin ng nasabing ahensiya o tanggapan ay ang pagtakda ng kaukulang bayad.”

Ang mga akda (kuwento, seleksiyon, tula, awit, larawan, ngalan ng produkto o brand names, tatak o trademarks, palabras sa telebisyon, pelikula, atbp.) na ginamit sa modyul na ito ay sa nagtataglay ng karapatang-ari ng mga iyon. Pinagsumikapang matunton upang makuha ang pahintulot sa paggamit ng materyales. Hindi inaangkin ng mga tagapaglathala at mga may-akda ang karapatang-aring iyon.

Inilathala ng Kagawaran ng Edukasyon

Kalihim: Leonor Magtolis-Briones

Pangalawang Kalihim: Diosdado M. San Antonio

Bumuo sa Pagsusulat ng Modyul

Manunulat:	Judith L. Osea, Juvy G. Clavillas	
Editor:	Ma. Theresa I. Cortez	
Tagasuri:	Rechie O. Salcedo	
Tagaguhit:	Mark Anthonyn O. Taduran	
Tagalapat:	Nathan A. Bea	
Tagapamahala:	Gilbert T. Sadsad	Francisco B. Bulalacao
	Grace U. Rabelas	Ma. Leilani R. Lorico
	Nora J. Laguda	Jerson V. Toralde
	Rechie O. Salcedo	Belen B. Pili
	Randy A. Bona	

Inilimbag sa Pilipinas ng _____

Department of Education – Region V

Office Address: Regional Center Site, Rawis, Legazpi City 4500

Telefax: 0917 178 1288

E-mail Address: region5@deped.gov.ph

Filipino

Ika-apat na Markahan – Modyul 4: Pagsulat ng Balangkas Mula sa Nakalap na Impormasyon at Kaalaman

Paunang Salita

Ang Self-Learning Module o SLM na ito ay maingat na inihanda para sa ating mag-aaral sa kanilang pag-aaral sa tahanan. Binubuo ito ng iba't ibang bahagi na gagabay sa kanila upang maunawaan ang bawat aralin at malinang ang mga kasanayang itinakda ng kurikulum.

Ang modyul na ito ay may inilaang Gabay sa Guro/Tagapagdaloy na naglalaman ng mga paalala, pantulong o estratehiyang magagamit ng mga magulang o kung sinumang gagabay at tutulong sa pag-aaral ng mga mag-aaral sa kani-kanilang tahanan.

Ito ay may kalakip na paunang pagsusulit upang masukat ang nalalaman ng mag-aaral na may kinalaman sa inihandang aralin. Ito ang magsasabi kung kailangan niya ng ibayong tulong mula sa tagapagdaloy o sa guro. Mayroon ding pagsusulit sa bawat pagtatapos ng aralin upang masukat naman ang natutuhan. May susi ng pagwawasto upang makita kung tama o mali ang mga sagot sa bawat gawain at pagsusulit. Inaasahan namin na magiging matapat ang bawat isa sa paggamit nito.

Pinapaalalahanan din ang mga mag-aaral na ingatan ang SLM na ito upang magamit pa ng ibang mangangailangan. Huwag susulatan o mamarkahan ang anumang bahagi ng modyul. Gumamit lamang ng hiwalay na papel sa pagsagot sa mga pagsasanay.

Hinihikayat ang mga mag-aaral na makipag-ugnayan agad sa kanilang guro kung sila ay makararanas ng suliranin sa pag-unawa sa mga aralin at paggamit ng SLM na ito.

Sa pamamagitan ng modyul na ito at sa tulong ng ating mga tagapagdaloy, umaasa kami na matututo ang ating mag-aaral kahit wala sila sa paaralan.



Alamin

Magandang Araw!

Kumusta ka? Mahilig ka bang magbasa ng maikling kuwento, balita sa dyaryo, o magasin? Ano ang makukuha mong kaalaman o impormasyon dito?

Naranasan mo na bang maghatid ng impormasyon sa inyong mga magulang? Paano mo ito sinasabi sa iyong magulang, kapatid, o kamag-anak?

Sa modyul na ito ay mas lalo mong mapalalawak ang iyong kaalaman sa sumusunod na kasanayan:



- Nakasusulat ng isang balangkas mula sa mga nakalap na impormasyon mula sa binasa. (*F4PU-IVab-2.1*)
- Naipakikita ang nakalap na impormasyon sa pamamagitan ng nakalarawang balangkas o dayagram. (*F4EP-Iva-d-8*)
- Nakakukuha ng tala buhat sa binasang teksto. (*F4EP-IVb-e-10*)
- Naibibigay ang bagong natuklasang kaalaman mula sa binasang teksto. (*F4PB-IVe-15*)
- Naibibigay ang paksa ng napakinggang teksto. (*F4PN-IVb-7*)

Halika, umpisahan mo na.



Subukin

Alamin natin kung hanggang saan ang alam mo sa pagsulat ng balangkas mula sa nakalap mong impormasyon at kaalaman.

A. Panuto: Basahin at unawain ang teksto. Kunin at itala ang mahahalagang impormasyon tungkol dito upang makasulat ng isang balangkas gamit ang dayagram na nasa ibaba.

Ang Bumubuo ng Araw ni Florence

Ni: Judith L. Osea

Si Florence ay nakagawiang tumulong sa kaniyang nanay tuwing umaga. Winawalisan niya ang buong bahay at pinapalitan ng bagong punda ang unan, kumot, at sapin sa kama. Mahilig din siyang maglagay ng makukulay na kurtina upang magbigay ng kaaya-ayang paligid.

Pagsapit nang tanghali, siya ay tumutulong sa paghahanda ng hapag-kainan at pagkatapos siya rin ang naghuhugas ng mga pinggan.

Tuwing hapon, dinidiligan niya ang kanilang halaman at hilig din niyang magtanim ng iba't ibang uri ng gulay sa kanilang bakuran.

Ang gabi naman ay inilalaan niya sa oras ng pag-aaral at kadalasang pag-aayos ng gamit niya sa eskuwela. Kasunod nito ay manonood na siya ng balita sa telebisyon.

I. Ang Libangan ni Florence

A. Umaga.

- a. winawalisan ang buong bahay
- b. _____

B. Tanghali

- a. _____
- b. naghuhugas ng mga pinggan

C. Hapon

a. dinidiligan ang halaman

b. _____

D. Gabi

a. naglalaan ng oras sa pag-aaral

b. _____

c. _____

B. Panuto: Batay sa nabasang teksto, ipakita sa kasama sa bahay ang mga nakalap at mga bago mong natuklasang impormasyon. Gamit ang mga kaalaman, ayusin ito sa inilaang balangkas na nasa ibaba. Gawin ito sa iyong sagutang papel.

Paksa	→	
Tauhan	→	
Tagpuan	→	
Mahahalagang Pangyayari	→	
	→	
	→	

Nasagot mo ba ang lahat ng mga tanong?
Tingnan ang wastong sagot sa **pahina 17**.



Balikan

Nais kong balikan mo ang aralin sa nakaraang modyul na iyong natutuhan. Sagutin ang mga tanong sa palatastas upang makakuha ng tala buhat sa binasang teksto. Isulat ang sagot sa iyong sagutang papel.

Ipinababatid ng Iriga Central School na magkakaroon ng “Gulayan sa Paaralan” ngayong ika-12 ng Marso.

Ang kalahok sa nasabing proyekto ay mga magulang sa ikaapat na baitang. Huwag kalimutang magdala ng kagamitan sa pagtanim.

Inaasahan ang pakikilahok ng lahat tungo sa layunin na malaman ng mga magulang na mahalaga ang pagtanim ng gulay at sa tuluyang pagtatagumpay ng proyekto ng paaralan.

1. Ano ang bagong proyekto ng Iriga Central School?
 - A. Gulayan sa Paaralan
 - B. Pagtanim ay kailangan
 - C. Babuyan sa bakuran
2. Saan isasagawa ang proyektong Gulayan sa Paaralan?
 - A. Sa San Juan
 - B. Sa San Nicolas
 - C. Sa Iriga Central School
3. Kailan isasagawa ang proyekto?
 - A. Ika-13 ng Pebrero
 - B. Ika-12 ng Marso
 - C. Ika-11 ng Enero
4. Sino ang mga kalahok sa nasabing proyekto?
 - A. Magulang sa unang baitang
 - B. Magulang sa ikalimang baitang
 - C. Magulang sa ikaapat na baiting

5. Bakit kailangan ang Gulayan sa Paaralan?

- A. Upang malaman ng mga magulang na mahalaga ang pagtatanim ng gulay.
- B. Upang maging luntian ang paaralan.
- C. Walang gulayan ang paaralan.



Matapos mong sagutin ang pagsasanay, iyong iwasto ang iyong kasagutan, tignan sa pahina ng Susi sa Pagwawasto sa **pahina 17**.



Tuklasin

Panuto: Basahing mabuti ang teksto. Sagutin ang mga tanong ng mga nakalap na impormasyon sa kuwentong binasa. Isulat o itala ang inyong sagot sa balangkas na nasa ibaba.

Noon at Ngayon

ni: Ma. Theresa I. Cortez

Isang umaga habang nasa sala ang magkakapatid na sina Maria, Karla, at Lito pinag-uusapan nila ang malaking pagbabago ng panahon ngayon kumpara noon.

Pahayag ni Maria sa kaniyang mga kapatid, “Noon normal ang pamumuhay ng mga tao. Malayang lumabas ng bahay na walang *facemask* o *faceshield*, pumapasok ang mga bata sa paaralan upang mag-aral, at malayang makapaglaro, maaari ding mamasyal ang mag-anak sa ibang lugar at ang pagkakaroon ng salusalo sa bawat barangay kapag piyesta”.

“Oo ate, nakakalungkot mang isipin pero ito na marahil ang bagong yugto na ating haharapin sa kasalukuyan dahil sa pandemiyang *COVID-19*. Maraming pinagbabawal na gawin para sa kaligtasan ng bawat isa. Kailangang sumunod sa alituntunin at

batas na ipinatutupad ng gobyerno. “Tayo ay nasa *new normal* na sitwasyon,” wika ni Karla.

Kailangan din nating sundin ang sumusunod, tulad ng huwag nang lumabas ng bahay kung hindi naman mahalaga ang iyong gagawin, bawal lumabas ang mga bata na nasa edad labinglima pababa. Sa bagong sistema ng edukasyon, wala munang *face-to-face classes* kundi *online class* o modyul ang gagamitin sa pag-aaral. “Kung may okasyon naman, bawal munang magkaroon ng piging, at hinihikayat na huwag na munang mamasyal ang mga mag-anak kung saan-saan,” dagdag naman ni Lito.

“Sana lahat ng tao ay mabigyan ng bakuna para malabanan na ang sakit na *COVID-19*,” sabay sabay na banggit ng tatlo.

1. Tungkol saan ang talatang binasa?
2. Sino-sino ang tauhan sa kuwento?
3. Ano ang pagkakaiba ng panahon ngayon sa panahon noon?
4. Batay sa iyong pananaw, alin ang mas gusto mo, panahon noon o panahon ngayon? Bakit?
5. Ibigay o ipakita mo ang natuklasang bagong kaalaman tungkol sa nabasang teksto.



Suriin

Magaling at nasagot mong lahat ang katanungan na nasa itaas. Alam mo bang isa yan sa mga paraan na makakalap o makatala ng mga impormasyon o kaalaman tungkol sa nabasa o napakinggang teksto. Sa pagkakalap ng mga impormasyon ay may mga paraan upang magawa mo ito nang maayos. Tara! Pag-aralan at dapat mong unawain kung papaano ang pagbabalangkas ng mga nakalap na impormasyon.



*Ano ang balangkas?

Ang **Balangkas** o **Pagbabalangkas** ay **maayos na pagtatala, paghahanay, o pagsasaayos** ng mga **pangunahing kaisipan, impormasyon, at kaalaman** tungo sa higit na madaling pag-unawa sa binasang teksto o anumang sulatin. Maaari din ipakita ang balangkas gamit ang mga numero, titik, o **dayagram**.

Paano ka makakalap o makakatala ng mahahalagang impormasyon tungkol sa nabasa o napakinggang teksto?

Sa **pagkalap ng impormasyon, karaniwang ito ay sumasagot sa mga tanong na Ano, Sino, Bakit, Saan, Kailan, at Paano** upang lubos na maunawaan ang gustong ipabatid sa mga mambabasa. Tungo sa madaling pag-unawa, maaaring ipakita, ayusin at isulat ang kasagutan sa tulong ng **balangkas** Nakatutulong din ito upang maging kaakit-akit ang mga impormasyon sa mambabasa. Ang mga nabasang teksto sa programa sa palatutunan ay ilan sa halimbawang maaaring mapagkuhanan ng ideya at impormasyon.

Halimbawa: Pansinin ang nabuong balangkas mula sa binasang teksto.

- I. **Pamagat:** Noon at Ngayon
- II. **May-akda:** Ma. Theresa I. Cortez

III. **Tagpuan:**

- A. **Lugar:** Sa kanilang sala
- B. **Oras:** Umaga

IV. **Mga Tauhan/Karakter:**

- A. Maria
- B. Karla
- C. Lito

V. **Pangyayari:**

- A. Pagkakaiba ng Panahon
 - a. Noon (Normal na Pamumuhay)
 - 1. Libre tayong lumabas ng bahay na walang *facemask* o *faceshield*.

2. Nag-aaral ang mga bata sa paaralan at malayang nakapaglalaro.
3. Maaaring makapamasyal ang mag-anak sa ibang lugar.
4. Nagkakaroon ng salusalo sa bawat barangay kapag piyesta.

B. Bagong Normal (*New Normal*)

1. Huwag nang lumabas ng bahay kung hindi naman mahalaga ang iyong gagawin.
2. Bawal lumabas ang mga bata na nasa edad labinlima pababa at walang *face-to-face classes*.
3. Bawal magkaroon ng piging sa anumang okasyon.
4. Hindi pinahihintulutang mamasyal ang mga mag-anak kung saan-saan.

VI. **Kalutasan sa Suliranin:** Sana lahat ng tao ay mabigyan ng bakuna upang malabanan ang sakit na *COVID 19*.

Napansin mo ba kung paano ginawa ang balangkas na ito? Kung gayon, pag-aralan natin ang pagsulat ng balangkas.

Bahagi ng Balangkas:

I. Pamagat

- Dito nakasaad ang pinakapaksa ng kuwento.

II. Tauhan

- Sa bahaging ito, iniisa-isa ang mga nagsiganap sa kuwento.

III. Tagpuan

- Pinapakita kung saan ang pinangyarihan ng mga kaganapan sa kuwento.

IV. Pangyayari

- Dito ibinibigay ang mga pangyayari sa kuwento.

V. Aral

- Dito ibinabahagi ang natutunan sa kuwento binasa.

Halimbawa:

I. Pamagat:

II. Tauhan

A.

B.

III. Tagpuan

A.

B.

IV. Pangyayari

A.

1.

2.

B.

1.

2.

V. Aral

A.

B.



Pagyamanin

Naunawaan mo na ba ang konsepto sa pagsulat ng isang balangkas? Subukin natin ang iyong kasanayan sa pagsulat ng isang balangkas sa pamamagitan ng pagbibigay at pagpapakita ng mahahalagang impormasyon sa babasahing teksto.

A. Panuto: Basahin at unawain ang teksto sa ibaba. Gamitin ang mga impormasyon upang sagutin ang mga tanong para mabuo ang balangkas. Gawin ito sa iyong sagutang papel.

Huwarang Bata

Judith L. Osea

Si Kaela ay isang batang may maaliwalas na ngiti at malusog na bata. Angkin din niya ang ugaling mabait, masipag, at matulungin sa kapwa. Siya ay tumutulong sa mga gawaing bahay

tulad ng paglilinis ng bakuran at paglalaba ng kanilang damit. Hilig din niya ang pagbabasa ng mga aklat, pagguhit ng magagandang tanawin, at pagsusulat ng mga tula.

I-PAMAGAT NG KUWENTO

(A. Huwarang Bata B. Malusog na Bata)

II- KATANGIAN NG TAUHAN

1. Pisikal

a. (A. may maaliwalas na ngiti B. laging malungkot)

b. (A. patpating bata B. malusog na bata)

2. Pag-uugali

a. (A. mabait B. masungit)

b. (A. tamad B. masipag)

c. (A. matulungin B. madamot)

III. GAWAIN SA BAHAY

1.(A. paglilinis B. pagluluto)

2.(A. pagpupunas B. paglalaba)

IV. HILIG GAWIN

1. (A. magbasa ng aklat B. manood ng karton)

2. (A. pagsayaw B. pagguhit ng tanawin)

3. (A. pagsusulat ng tula B. pagsusulat ng kuwento)


B. Panuto: Basahin ang talata. Ayusin at ihanay ang mga nabasang kaalaman sa sumusunod na dayagram. Gawin ito sa sagutang papel.

Paborito ni Allen

Juvy G. Clavillas

Matalinong bata si Allen. Paborito niya ang mga asignaturang Ingles, Matematika, Filipino, Arts, at Agham. Mahilig

din siyang magbasa ng dyaryo tulad ng *Philippine Star*, *Daily Inquirer*, *Balita Ngayon*, at *Tonite*. Maliban sa pagbabasa, nangongolekta rin siya ng mga laruan na robot, eroplano, kotse, baril, at bola. Paboritong pagkain naman niya ang Adobong Manok, Sinigang, Pinakbet, at Pritong Bangus.



Isaisip

Isulat ang iyong mga natutuhan sa aralin. Sagutin ang sumusunod sa iyong sagutang papel.

A. Punan ang sumusunod na talahayanan:

Ano ang iyong mga natutuhan?	Gaano ito kahalaga?

B. Kompletuhin ang sumusunod na pahayag.

Mahalagang matutuhan ang kasanayan sa pagsulat ng balangkas mula sa nakalap na impormasyon at kaalaman dahil



Isagawa

Upang lubos kang masanay sa pagsulat ng balangkas mula sa nakalap na impormasyon. Isagawa ang gawain sa ibaba.

Panuto: Magpakuwento sa magulang o sinuman na kasama sa bahay tungkol sa kanilang magagandang karanasan. Pumili ng isang paksa sa ibaba. Pagkatapos bumuo ng isang balangkas. Gumawa ng sariling dayagram at gawin ito sa iyong sagutang papel.

1. Inaasam na Bakasyon
2. Ang Perpektong Araw ng Pamilya
3. Mga Paraan ng Pagsisikap ng Pamilya

Gamitin mo ang rubrik sa ibaba para sa kabuoang ayos ng iyong ginawa. Ipamarka ito sa iyong magulang o kapatid.

Rubrik sa Pagsulat ng Balangkas

Marka	Pamantayan
5 Napakahusay	Malinaw, wasto ang pagkakasulat at paghahanay ng mga nakalap na impormasyon at kaalaman upang makabuo ng isang balangkas.
4 Mahusay	Wastong nakapaghanay ng mga nakalap na impormasyon at kaalaman upang makabuo ng isang balangkas.
3 Katamtaman	Bahagyang nakapaghanay ng mga nakalap na impormasyon at kaalaman upang makabuo ng isang balangkas.
2 Di-Gaanong Mahusay	Hindi wasto ang paghahanay ng mga nakalap na impormasyon at kaalaman upang makabuo ng isang balangkas.
1 Magsanay pa	Hindi wastong nakalap ang mga impormasyon at kaalaman upang makabuo ng isang balangkas.

Magaling! Matapos mong sagutin ang pagsubok, tingnan kung ito ay tama o mali sa pahina ng Susi sa Pagwawasto sa **pahina 18**.





Tayahin

Basahin ang maikling kuwento.

A. Panuto. Pakinggan ang maikling kuwentong babasahin ng iyong magulang o kasama sa bahay, maaaring basahin mo ito nang mag-isa. Kunin o itala ang mahahalagang impormasyon upang makasulat ng isang balangkas gamit ang dayagram na nasa ibaba.

Gawain ng Mag-anak

Ma. Theresa I. Cortez

Ang mag-anak na Santos ay isang masayang pamilya. Lagi silang nagsasama at nagtutulungan. Tuwing Sabado at Linggo, sila ay nagsisimba, namamasyal sa Luneta, at nagkukuwentuhan.

Kapag Lunes si Nanay ay namamalengke, habang si Tatay ay pumapasok na sa trabaho at ang mga bata sa paaralan. Pagdating nang Martes at Miyerkules, si Nanay ay naglilinis ng bahay at nag-aayos ng kanilang bakuran. Pagpupunas naman ng mga bintana at pagpapalit ng kurtina ang kanilang ginugugol sa araw ng Huwebes at Biyernes.

I. Pamagat: Gawain ng Mag-anak

A. Sabado at Linggo.

- (1) a. _____
b. Namamasyal sa Luneta
- (2) c. _____

B. Lunes

- a. Si nanay ay namamalengke
- (3) b. _____
c. Ang mga bata papasok sa paaralan

C. Martes at Miyerkules
a. dinidiligan ang halaman

(4) b. _____

D. Huwebes at Biyernes
a. nagpupunas ng bintana

(5) b. _____

B. Panuto: Ipakita sa iyong kasamahan sa bahay ang mga nakalap mong impormasyon. Pagkatapos, ibigay ang bagong natuklasang kaalaman o paksa tungkol dito. Gawin ito sa iyong sagutang papel gamit ang inilalarawang balangkas na nasa ibaba.

Tauhan	→	
Tagpuan	→	
Mahahalagang Pangyayari	→	
	→	
	→	

Bilib na talaga ako sa iyo. Nasagutan mo lahat ng pagsubok. Iwasto mo ang iyong kasagutan sa **pahina 18**.

Anong naramdaman mo matapos malaman ang resulta ng iyong pagsisikap?





Karagdagang Gawain

Panuto: Basahin at unawain ang maikling kuwento sa ibaba. Sumulat ng isang balangkas o dayagram mula sa mga impormasyong nakalap.

Pagdadalaga ni Mei Mei

(Juvy G. Clavillas)

Si Mei Mei ay nasa ikaapat na baitang. Nararanasan niya ang unti-unting pagbabago sa katawan. Kaya naman tinanong niya ang kaniyang nanay kung ano ang mga pagbabagong nagaganap kapag nagdadalaga na.

Kaagad naman itong sinagot ng Nanay. Unti-unting lumalaki ang dibdib, nagkakaroon ng taghiyawat sa pisngi, nagkakaroon ng buhok sa kili-kili, pribadong bahagi ng katawan lumalapad ang balakang, pagtangkad, at pagkakaroon ng buwanang dalaw o tinatawag na regla.

Kaya pinayuhan si Mei Mei ng kaniyang nanay ng mga dapat niyang gawin tulad ng mas maiging paglilinis ng katawan tuwing naliligo, pagkain ng masustansiyang pagkain, palagiang pagpalit ng bagong damit panloob kung kinakailangan upang mapanatiling mabango at maiwasan ang pagkakaroon ng hindi kanais-nais na amoy sa katawan.

Mga impormasyong nakalap.

- I- Ano ang pamagat ng kuwento?
- I. Sino ang tauhan sa kuwento?
- II. Ano-ano ang mga pagbabagong nagaganap kay Mei-Mei?
- III. Ano-ano ang mga payong ibinigay ni Nanay kay Mei-Mei?



Malugod na pagbati!
Napagtagumpayan mo ang mga gawain sa modyul na ito. Maaari ka nang magpatuloy sa susunod na modyul.



Susi sa Pagwawasto

Subukin	
I.A. Pinapalitan ng bagong punda ang unan, kumon, at sapin sa kama	1. A
B. a. Tumutulong sa paghahanda sa hapag kainan.	2. C
b. naghuhugas ng mga pinggan	3. C
C. b. mahilig magtanim ng gulay	4. C
D. b. nag-aayos ng mga kagamitan sa pag-aaral	5. A
c. nanood ng balita sa telebisyon	
6. Ang tauhan sa kuwento ay si Florence	
7. Ang tagpuan ay sa bahay	
8. Siya ay tumutulong sa kanyang nanay	
9. b. Tumutulong siya sa hapag kainan bago at pagkatapos kumain	
10 c. Naglalaan siya ng oras sa pag-aaral	
	Balikan

Tuklasin	
1. Noon at Ngayon	
2. Maria, Karla at Lito	
3. Panahon Noon – Normal na Pamumuhay	
3. Panahon Ngayon – <i>New Normal</i>	
4. Iwawasto base sa sagot ng bata	
5. Kailangan maging handa sa mga pagbabago ng panahon (Tanggapin pa ang ibang kasagutan)	
	Pagymainin
	I. 1. A Allen
	II. 1. A 2. B
	Tonite
	3. Asignatura: Ingles,
	Matematika, Filipino, Arts,
	Agham
	4. Laruan: robot, eroplano, kotsahan, bari at bola
	5. Pagkain: Adobong Manok, Sinigang, Pinakbet, Pritong Bangus
	B.
	1. Pamagat: Paborito ni
	2. Diyaryo: Philippine Star,
	Daily Inquirer, Balita,
	2.Pag-ungali
	III. 1. A 2. B
	VI. 1. A 2. B 3. A

Isaisip

A.

1. Pagsulat ng Balangkas
- *Mahalaga ang mga ito sapagkat madali mong matutunan o maintindihan ang binasang teksto at pagkuha ng mga mahahalagang impormasyon.
2. Patala ng mga mahahalagang impormasyon
3. Paggamit ng dayagram sa pagbabalangkas

B.

Madaling matala ang nakalap na mahahalagang impormasyon o kaalaman tungkol sa nabasang o napakindingang teksto.

(Tanggapin ang iba pang kasagutan)

Tayahin

I. A.

1. Sinusunod niya ang utos ng kanyang nanay.
2. Nagdadal
3. Inayos ang kanyang higaaan

B.

1. Siya ay nagluto ng almusal
2. Ginising niya ang kanyang nanay at kumain
4. Siya ay naglalis ng bahay
5. Tuwang tuwa ang kanyang nanay dahil sa kasipagan ni Jose

Isagawa

A.

1. Sinusunod niya ang lahat ng iniutos sa kanyang nanay.
2. Sabado maagang gumising si Jose.
3. Nagdadal at inayos ang kanyang hinigaaan.

B.

1. Nagluto ng almusal. 2. Ginising niya ang nanay at kumain sila.
3. Pagkatapos hinugasan niya ang kagamitan.
4. Naglalis ng bahay.
5. Tuwang tuwang ang nanay dahil sa kasipagan ng anak niya.

Karagdagang Gawain

- I. Pagdadalaga ni Mei Mei
- II. Nasa ika-apat na baitang
- III. Unti-unting lumalaki ang dibdib, nagkakaroon ng taghiyawat sa pisngi, nagkakaroon ng buhok sa kili-kili, pribadong bahagi ng katawan, lumalapad ang balakang, mabilis na pagtangkad, at pagkakaroon ng buwanang daloy o regla.
- IV. Maiging paglilinis ng katawan tuwing naliligo, pagkain ng masustansiyang pagkain, palagiang pagpalit ng bagong damit panloob kung kinakailangan upang mapanatiling mabango, at maiwasan ang pagkakaroon ng hindi kanais-nais na amoy sa katawan.

Sanggunian

Agarrado, P.J., Francia, M., Guerrero, P., & Cruz, G. (2016). *Alab Filipino 6* (1st ed). Quezon City: Vibal Group, Inc.

Diego, J., (2014), Balangkas ng Maikling Kuwento, November 30, 2014, from https://www.slideshare.net/alyssa_kentdiego/balangkas-ng-maikling-kuwento-1

Mas mainam na makita o gamitin ang mismong libro ni J. Diego, hangga't maaari, para sa tamang *bibliographic entries* ng nasabing sanggunian sa halip na maging tuwirang batayan lamang ang *slideshare* na pinost sa *internet*. Sundin din ang tamang APA format (7th edition) para sa sanggunian. Magdagdag at gumamit pa ng ibang sanggunian na may kinalaman sa paksa ng modyul na ito.

Para sa mga katanungan o puna, sumulat o tumawag sa:

Department of Education - Bureau of Learning Resources (DepEd-BLR)

Ground Floor, Bonifacio Bldg., DepEd Complex
Meralco Avenue, Pasig City, Philippines 1600

Telefax: (632) 8634-1072; 8634-1054; 8631-4985

Email Address: blr.lrqad@deped.gov.ph * blr.lrpd@deped.gov.ph